



Debelopment at Balidasyon ng Baul ng Kasaysayan Strategic Intervention Material (SIM-BAKAS) sa Pagtuturo ng Panitikan sa mga Katutubong Mag-aaral

Angeline Joy Serino-Berou

Teacher III, Cabadbaran City, 8605 angelinejoyberou28@gmail.com

ABSTRACT

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong makabuo ng Baul ng Kasaysayan Strategic Intervention Material (SIM-BAKAS) upang makatulong sa pagtuturo ng panitikan sa Filipino 9, partikular sa mga mag-aaral na katutubo. Gumamit ito ng deskriptibong-debelopmental na disenyo na nagsuri sa resulta ng ikatlong markahang pagsusulat upang matukoy ang pinakamababang kasanayan, na may Mean Percentage Score (MPS) na 31.0 sa kompetensiyang “nailalarawan ang natatanging kulturang Asyano na masasalamatin sa epiko” (F9PB-IIIg-h-54). Sa debelopmental na yugto, binuo ang SIM-BAKAS gamit ang Microsoft Publisher at orihinal na mga ilustrasyon. Ito ay binubuo ng mga bahagi tulad ng takip, patnubay na kard, kard ng pagsubok, pagtataya, pagpapayaman, sanggunian, at kasagutan. Sinuri ito ng mga eksperto gamit ang pamantayan ng LRMSD, kung saan napatunayang balido ang SIM batay sa nilalaman (mean = 26.3), anyo (68.7), presentasyon at organisasyon (19.0), at katumpakan at napapanahong impormasyon (24.0). Batay sa pagsusuri, ang SIM-BAKAS ay maaaring gamitin sa pampublikong paaralan para sa pagtuturo ng panitikan sa Filipino 9. Gayunman, iminungkahi ng mga tagasuri ang ilang pag-aayos tulad ng pagsasalin ng diyalekto, mas epektibong layout, at mas malinaw na tagubilin sa mga gawain. Sa kabuuan, napatunayan na ang SIM-BAKAS ay isang epektibong kagamitang pampagtuturo na makatutulong sa pagpapataas ng akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino.

Keywords: SIM-BAKAS, Kontekstwalisado, Lokalisado, Katutubong Panitikan

PANIMULA

Ang panitikan ay salamin ng lipunan. Dito mababatid ang pinagdadaanan ng bansa, ang kalagayan nito at mga damdamin ng tao hinggil sa totoong lipunan na kanilang kinabibilangan. Ito ay isang paglalarawan ng mga tunay na pangyayari sa isang bansa at ng katotohanan kaya naman mayroon itong natatanging puwang sa pag-unlad ng mga mag-aaral (Semurlan, 2014). Gayunpaman, maraming mag-aaral ang hindi nakikita ang halaga nito sa asignaturang Filipino, kaya't nahaharap ang mga guro sa hamon ng paglikha ng mga kawili-wiling talakayan. Kasama sa mga dahilan ng kakulangan ng interes ang kakulangan ng sapat na kagamitan at pamamaraan sa pagtuturo ng panitikan, pati na rin ang lawak ng mga materyales na kailangang pag-aralan.

Dagdag na suliranin sa pagtuturo ng panitikan ay ang karamihan sa mga tekstong ginagamit ay dayuhang akda na isinalin sa Filipino. Mula Baitang 7 hanggang 10, mas binibigyang-diin ang mga Asyano at Pandaigdigang panitikan kaysa sa pambansang panitikan (Mangahis, 2019). Ayon kay Ariaso (2020), ang sektor ng edukasyon ay nahaharap sa mga hamon, kabilang ang kakulangan ng mga kagamitan sa pagtuturo ng Filipino at iba pang asignatura. Dagdag pa rito, iniulat ng Summit Express (2018) at Sun Star Pampanga (2018) na ang kakulangan ng kagamitan at paraan ng pagtuturo ay may malaking epekto sa pagganap ng mga mag-aaral.

Ayon sa DepEd Order No. 8, serye ng 2015, binibigyang-diin ang kahalagahan ng strategic intervention materials sa pampublikong paaralan upang mapalalim ang pagtuturo at pag-unawa sa mga pangunahing asignatura, kabilang ang Panitikan sa Filipino. Bahagi ito ng tungkulin ng Kagawaran ng Edukasyon na tiyakin ang kalidad ng edukasyon. Ang mga materyal sa pagtuturo, gaya ng mga libro at gawain, ay mahalagang sangkap sa silid-aralan. Pinag-uutos din ng MECS Order No. 54, s. 1982, at MEC Memorandum No. 214, s. 1979 na ipatupad ang mga hakbang upang mapataas ang paggamit ng tulong sa pagtuturo at mga kagamitan.

Kaugnay nito, naglabas ang DepEd ng Memorandum No. 117, s. 2005, na nag-aatas ng mga workshop upang sanayin ang mga guro sa paggamit ng Strategic Intervention Materials (SIMs)-Based Instruction para sa pagbuo ng mga materyal na makatutulong sa pagpapabuti ng pagkatuto ng mga estudyante. Ang pagbaba ng average NAT score sa pampublikong mataas na paaralan mula 2011 hanggang 2012 (48.9%) ay dulot ng kakulangan sa epektibong paraan ng pagtuturo. Dahil dito, kinakailangan ng mga guro na bumuo ng mas mahusay na plano at estratehiya upang mapabuti ang akademikong pagganap, na inaasahang mapapalakas ng paggamit ng SIMs (Dizon et al. 2021).

Ayon sa DepEd Order No. 55, s. 2016, inilalahad ng Dibisyon ng Cabadbaran City ay nakakuha ng 46.69% sa Filipino sa National Achievement Test (NAT) para sa taong panuruan 2022-2023, mas mababa kaysa sa pambansang pamantayan ng 75.0 MPS. Sa Puting Bato National High School, ang mga Grade 10 na estudyante ay nakakuha lamang ng 41.1%, na ikapitong pwesto sa 12 sekundaryang paaralan sa lungsod. Isa sa mga sanhi ng mababang marka ay ang kakulangan ng kagamitang panturo sa Division Learning Portal ng Cabadbaran City. Upang matugunan ito, kinakailangan ng mga strategic intervention materials upang mapabuti ang pag-unawa ng mga estudyante sa Filipino, partikular sa panitikan.

Ipinakita sa Diagnostic Test sa Filipino 9 noong Agosto 2023, na ang mga mag-aaral ay nakakuha ng 56.67%, na nagpapakita ng mababang pagganap, lalo na sa kompetensi ng panitikan. Ang ikatlong markahang pagsusulit ay nakitaan ng pinakamababang MPS (31.0%) sa kasanayang "Nailalarawan ang natatanging kulturang Asyano na masasalam sa epiko" (F9PB-IIIg-h-54), na malayo sa pamantayan ng dibisyon at nasyonal. Isang kasanayan sa panitikan na may bahagyang mas mataas na marka (50%) ay ang "Nabibigyang-katangian ang isa sa mga itinuturing na bayani ng Kanlurang Asya" at ang paglalarawan ng kulturang Asyano. Dahil dito, kinakailangan ng mga reporma upang mapabuti ang pagganap ng mga mag-aaral sa lokal at pambansang pagsusulit.

Bukod dito, ayon sa Department Order 08 ng 2015, ang Kagawaran ng Edukasyon ay nagtatakda ng Classroom Assessment Policy Guidelines na nag-aatas ng sapat na hakbang sa pagtuturo upang tiyakin ang kahandaan ng mga mag-aaral para sa summative tests. Ang mga mag-aaral na nakakakuha ng mas mababa sa 75 ay kinakailangang bigyan ng remedial na gawain at karagdagang pagtuturo. Ang patakaran ay naglalayong maiwasan ang agwat sa akademikong pagtatamo at tiyaking may inclusive na pag-aaral. Ang kasanayang "Nailalarawan ang natatanging kulturang Asyano na masasalam sa epiko," ng may pinakamababang porsiyento sa ikatlong markahan, mananatili sa kurikulum ng MATATAG para sa Filipino 9, na naglalayong hikayatin ang pag-unawa sa kultural na perspektiba ng Asyano mula sa mga epiko.

Sa pagtugon sa suliranin ng edukasyon, Ang R.A. 10533 o Enhanced Basic Education Act ng 2013 ay nagtatakda na ang kurikulum ng Pilipinas ay dapat nakaayon sa kontekstong global, ngunit sapat na maluwap upang pahintulutan ang lokal na pagpapayaman at pagsasaayos batay sa konteksto ng edukasyon at lipunan. Ang batas na ito ay naglalayong pagbutihin ang edukasyon upang maging mas angkop sa lipunan at sensitibo sa kultura. Isa sa mga pangunahing hamon at oportunidad ng batas ay ang pagbuo ng mga kagamitang panturo na nakabatay sa pangangailangan ng mga mag-aaral at ng lipunan. Ayon kay Zamora (2016), mabisang kagamitang panturo ay dapat tumugon sa mga hamon ng panahon at sa pangangailangan ng kurikulum, habang pinapanatili ang kredibilidad at kalidad nito, sa kabila ng komersyalismo sa paglilimbag ng teksbuk.

Ang DepEd Order No. 39, s. 2016, o ang Adoption of the Basic Education Research Agenda, ay nagtatakda ng apat na tema para sa mga pananaliksik sa edukasyon: pagtuturo, pag-aaral, at kurikulum. Ipinag-utos na ang mga pananaliksik ay dapat mag-explore sa kontekstwalisasyon at lokal na pagpapatunay ng mga paksa upang makamit ang layunin ng pag-aaral ng mga mag-aaral. Layunin ng agenda na ipakita ang epekto ng mga pananaliksik sa panlipunan, behavioral, at pangkaunlarang aspeto ng pagtuturo at pagkatuto sa batayang edukasyon. Upang maipatupad ito, dapat bigyang-pansin ang pagbibigay sa mga guro ng mga kagamitan at estratehiya sa pagtuturo.

Ang suliranin ng mababang marka ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino ay nag-udyok sa pangangailangan ng isang masusing pag-aaral upang matugunan ang kakulangan sa kagamitang pang-edukasyon at mga interbensyon. Sa layuning iangat ang akademikong pagganap ng mga estudyante sa Puting Bato National High School para sa ikasiyam na baitang, ang pagbuo ng Baul ng Kasaysayan Strategic Material (SIM-BAKAS) sa pagtuturo ng Panitikan ay inihiarap. Ang proyekto ring ito ay nakatakdang makatulong sa Kagawaran ng Edukasyon at sa mga tagaplano ng kurikulum sa pagtataguyod ng epektibo at angkop na mga materyal na interbensyon, na tutugon sa mga pangangailangan ng mga estudyante at magpapabuti sa kalidad ng edukasyon sa pampublikong paaralan.

Paglalahad ng Suliranin

Ang pag-aaral ay may layuning magdebelop ng Baul ng Kasaysayan Strategic Intervention Material (SIM-BAKAS) sa pagtuturo ng Panitikan sa Filipino 9 ng Puting Bato National High School.

Ito ay naglalayong sagutin ang mga sumusunod na katanungan:

1. Ano ang pinakamababang kasanayang natamo sa panitikan ng mag-aaral sa Filipino 9 sa ikatlong markahang pagsusulit?
2. Batay sa pinakamababang marka na kasanayan sa panitikan ng mag-aaral sa Filipino 9, anong Strategic Intervention Material sa pagtuturo ng Panitikan sa Filipino ang maimumungkahi?
3. Ano ang antas ng kalidad ng binuong strategic intervention material sa mga sumusunod na aspeto:
 - 3.1. nilalaman;
 - 3.2. anyo;
 - 3.3. presentasyon at organisasyon;
 - 3.4. katumpakan at napapanahong impormasyon?
4. Batay sa mga natuklasan sa pag-aaral, anong pagpapahusay sa nabuong Baul ng Kasaysayan Strategic Intervention Materials (SIM-BAKAS) sa pagtuturo ng Panitikan ang maaring ipanukala?

2. METODOLOHIYA

2.1 Desinyo ng Pananaliksik

Ang pag-aaral ay gumamit ng deskriptibong-debelopmental na disenyo. Sa deskriptibong yugto, sinuri ang hindi gaanong natutunang kasanayan sa Panitikang Filipino 9 upang maunawaan ang kasalukuyang kalagayan ng pagtuturo. Sa debelopmental na yugto, binuo ang SIM-BAKAS—isang estratehikong materyal sa pagtuturo na nakaayon sa natukoy na pangangailangan ng Puting Bato National High School—upang mapahusay ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa Panitikan.

2.2 Respondante ng Pananaliksik

. Ang mga respondente ay 52 mag-aaral mula sa Grade 9, karamihan ay mula sa tribong Manobo at Mamanwa, at apat na katutubong impormante na nagbahagi ng kasaysayan, at epiko ng lugar. Sinuri at binigyang-ebalwasyon ang SIM-BAKAS ng tatlong dalubhasa sa larangan ng Filipino, Master Teacher, at eksperto sa paggawa ng Strategic Intervention Material (SIM). Sila ang nagbigay, nagtasa, at nagsuri sa nabuong Baul ng Kasaysayan Strategic Intervention Material (SIM-BAKAS) upang tiyakin na ito'y nakasunod sa pamantayan ng Learning Resource Management and Development System (LRMDS) o sa DepEd Memorandum No. 210 s. 2020.

2.3 Instrumeto ng Pananaliksik

Ang instrumento na ginamit ay ang division test mula sa ikatlong markahang pagsusulit upang matukoy ang pinakamababang kompetensi sa panitikan ng Filipino 9. Ang Evaluation for Development of Print Resources mula sa Learning Resource Management and Development System (LRMDS) ay ginamit upang matiyak na nasunod ang pamantayan sa pagbuo ng Baul ng Kasaysayan Strategic Intervention Material (SIM-BAKAS).

2.4 Istatistikal Tritment

Ang mga sumusunod na kasangkapan sa estadistika ay ginamit sa pag-aaral at interpretasyon ng datos.

Mean Percentage Score. Ginamit upang malaman ang mga pinakamababang kompetensi ng mga mag-aaral sa panitikan sa Filipino 9.

Mean. Ginamit upang makuha ang average mean sa kagamitang ginamit para sa pagsusuri at pagsisiyasat sa nadebelop na Baul ng Kasaysayan Strategic Intervention Materials (SIM-BAKAS).

3. RESULTA AT DISKUSYON

Ang mga datos na nakolekta mula sa mga kalahok ay ipinakita, sinusuri at binibigyang-kahulugan sa kabanatang ito.

1. Ano ang pinakamababang kasanayang natamo sa panitikan ng mag-aaral sa Filipino 9 sa ikatlong markahang pagsusulit?

Batay sa datos na makikita sa ibaba, makikita sa talahanayan 1 ang Kasanayang natamo ng mag-aaral sa Filipino 9 sa ikatlong markahang pagsusulit ng S.Y 2023-2024 sa Filipino 9.

Talahanayan 1. Kasanayang natamo ng mag-aaral sa Filipino 9 sa ikatlong markahang pagsusulit

No	MELCs ng Filipino 9	MPS	Antas ng Kakayahan
12	Nagagamit ang angkop na pang-ugnay na hudyat ng pagsusunod-sunod ng mga pangyayari sa lilikhaing kuwento.	60.00	Halos Dalubhasaan
13	Nabibigyang-kahulugan ang kilos, gawi at karakter ng mga tauhan batay sa usapang napakinggan.	59.00	Halos Dalubhasaan
14	Napatutunayan ang pagiging makatotohanan/ di makatotohanan ng akda.	59.00	Halos Dalubhasaan
15	Nagagamit ang mga pang-abay na pamanahon , panlunan at pamaraan sa pagbuo ng alamat.	51.00	Halos Dalubhasaan
16	Nahuhulaan ang maaaring mangyari sa akda batay sa ilang pangyayaring napakinggan.	59.00	Halos Dalubhasaan
17	Nailalarawan ang natatanging kulturang Asyano na masasalamang sa epiko.	31.00	Hindi Dalubhasaan
18	Nabibigyang-katangian ang isa sa mga itinuturing na bayani ng alinmang bansa sa Kanlurang Asya.	50	Halos Dalubhasaan

Ipinakita ng Talahanayan 1 ang listahan ng mga Pinakamahalagang Kasanayang Pampagkatuto (MELCs) sa Filipino 9 para sa ikatlong markahang pagsusulit, kasama ang Mean Percentage Scores (MPS) ng mga mag-aaral. Tanging ang ikalabingpitong MELC, “Nailalarawan ang natatanging kulturang Asyano na masasalamain sa epiko (F9PB-III-g-h-54),” ang nakakuha ng pinakamababang MPS na 31.0, na may antas ng kakayahang hindi dalubhasaan.

Ang kahirapan ng mga mag-aaral sa paglalarawan ng kultura ng isang lahi ay maaaring maiugnay sa kanilang kakulangan sa pag-unawa sa akda. Bukod dito, nagiging hamon din ang pagtukoy sa kultura ng iba, lalo na kung ang sariling kultura ay unti-unti nang nakakalimutan. Ang mababang MPS na nakuha ng mga mag-aaral ay hindi umabot sa pambansang pamantayan. Dahil dito, ang mananaliksik ay magdedebelop ng isang kontekstuwalisadong materyal na nakatuon sa paksa ng mababang kasanayan upang mapaunlad ang kakayahan ng mga mag-aaral sa aspektong ito. Layunin din nitong mapalawak ang kaalaman ng mga mag-aaral, lalo na ng mga katutubong mag-aaral, upang higit nilang maunawaan ang kanilang kasaysayan at panitikan, partikular na ang mga kulturang masasalamain sa mga epiko ng kanilang lipi.

Ayon kina Quilab (2021) at Alunan (2015), mahalagang mapanatili at mapag-aralan ang panitikang katutubo upang maunawaan ng mga kabataan ang tradisyon at kasaysayan ng kanilang lipi. Natuklasan din sa mga pag-aaral nina Armas (2023) at Moral Jr. (2019) na mas napapadali ang pagkatuto gamit ang mga kuwentong bayan dahil sa pamilyaridad sa kultura. Iminungkahi rin nina Cejas (2022) at Lear (2020) ang paggamit ng lokal na materyal sa pagtuturo upang mapanatili ang interes at mapahusay ang kasanayan ng mga mag-aaral. Dagdag pa rito, binanggit nina Arpilleda (2021) at Langcoyan (2022) na maraming salik ang nakaaapekto sa mababang kompetensi gaya ng kakulangan sa kaalaman, hindi epektibong pagtuturo, at limitadong kagamitan.

2. Batay sa pinakamababang marka na kasanayan sa panitikan ng mag-aaral sa Filipino 9, anong Strategic Intervention Material sa pagtuturo ng Panitikan sa Filipino ang maimumungkahi?

Batay sa mababang marka ng mga mag-aaral sa kasanayang “Nailalarawan ang natatanging kulturang Asyano na masasalamain sa epiko,” binuo ng mananaliksik ang Baul ng Kasaysayan Strategic Intervention Material (SIM-BAKAS) upang suportahan ang pagtuturo ng panitikan sa mga katutubong mag-aaral. Nasa anyong printed ang materyal upang madaling magamit ng mga guro at mag-aaral. Layunin nitong paunlarin ang kasanayan sa pag-unawa ng epiko, palalimin ang pagpapahalaga sa kulturang katutubo, at tugunan ang kakulangan sa angkop na materyales. Itinatampok ng SIM-BAKAS ang mga epikong bayani tulad ng mga Bagani, na nagsisilbing tulay sa kasaysayan at pagkakakilanlan ng mga mag-aaral.

Ayon kina Villanueva (2016), Hicana et al. (2024), at Honrejas (2024), mahalaga ang panitikang nakaugat sa kultura sa pagtuturo ng kasaysayan at pagpapahalagang Pilipino. Itinuturing ang SIM bilang makabuluhang gamit sa paghubog ng pag-unawa, kritikal na pag-iisip, at pagkilala sa identidad ng mga mag-aaral. Binubuo ito ng Takip ng SIM, Kard na Patnubay, Pagsubok, Pagtataya, Pagpapalalim, Sanggunian, at Kasagutan (Concepcion, 2019; Dalagan, 2022).

3. Ano ang antas ng kalidad ng binuong strategic intervention material sa mga sumusunod na aspeto:

Batay sa datos ng talahanayan 2; ang antas ng kalidad ng binuong strategic intervention material ayon sa nilalaman.

Talahanayan 2. Antas ng kalidad ng binuong strategic intervention material ayon sa nilalaman

Nilalaman	V1	V2	V3	Mean
1. Ang nilalaman ay angkop sa antas ng pag-unlad ng mag-aaral.	4	4	4	4.0
2. Ang materyal ay nakakatulong sa pagkamit ng tiyak na mga layunin ng asignatura at antas ng baitang o taon kung saan ito nilalayan.	4	4	4	4.0
3. Ang materyal ay naglalaan para sa pag-unlad ng mas mataas na kakayahang kognitibo tulad ng mapanuring pag-iisip, pagkamalikhain, pagkatuto sa pamamagitan ng paggawa, pagtatanong, paglutas ng problema, at iba pa.	4	4	3	3.7
4. Ang materyal ay walang ideolohikal, kultural, relihiyoso, lahi, at kasarian na pagkiling at mga pagtatangi.	4	4	3	3.7
5. Ang materyal ay nagpapalago ng mga kanais-nais na pagpapahalaga at ugali	4	4	4	4.0
6. Ang materyal ay may potensyal na pukawin ang interes ng target na mambabasa.	4	4	4	4.0
7. Ang sapat na babala o paalala ay ibinibigay sa mga paksa at gawain kung saan mahalaga ang kaligtasan at kalusugan.	3	4	3	3.3
Kabuuang Puntos	27	28	25	26.7
Remarks	Passed	Passed	Passed	Passed

Leyenda: 4-Lubos na Kasiya-siya, 3-Kasiya-siya, 2- Hindi kasiya-siya, 1 Lubos na hindi kasiya-siya

Ipinapakita ng Talahanayan 2 na ang Baul ng Kasaysayan SIM ay itinuturing na angkop para sa antas ng pag-unlad ng mga mag-aaral, na may mean score na 4.0, na nangangahulugang lubos na kasiya-siya sa nilalaman at layunin. Gayunman, may bahagyang pagbaba sa pamantayang tumutukoy sa kognitibong kasanayan at bias (mean = 3.7), na nagpapahiwatig ng puwang para sa pagpapabuti, lalo na sa pagsasalin ng mga katutubong diyalekto sa Filipino upang mas maunawaan ng mga mag-aaral. Mataas ang marka nito sa pagpapaunlad ng magandang asal at paglikha ng interes (parehong mean = 4.0), subalit pinakamababa ang marka sa aspeto ng kaligtasan at kalusugan (mean = 3.3). Sa kabuuang score na 26.7, pumasa ang materyal sa lahat ng tagasuri.

Ayon kina Navales (2024) at Marshall & Rossman (2018, sa Catuday, 2019), mahalaga ang malinaw at simple ngunit komprehensibong nilalaman sa SIM, na dapat dumaan sa wastong proseso ng pagpapaunlad at pagpapatunay. Dagdag pa ni Romero (2021), epektibo ang SIM sa pagpapataas ng akademikong pagganap dahil madaling gamitin at nakapagpapalinaw ng mahihirap na paksa. Sa pangkalahatan, matagumpay ang SIM ngunit nangangailangan ng ilang pag-aayos upang higit pang mapabuti ang kalidad nito.

Matutunghayan sa talahanayan 3 ang antas ng kalidad ng strategic intervention material ayon sa anyo.

Talahanayan 3. Antas ng kalidad ng binuong strategic intervention material ayon sa anyo

Anyo	V1	V2	V3	Mean
1. Limbag	16	16	15	15.7
2. Ilustrasyon	24	24	20	22.7
3. Desinyo at Layout	16	16	12	14.7
4. Papel at Binding	8	8	7	7.7
5. Sukat at Timbang ng Materyal	8	8	8	8.0
Kabuuang Puntos	72	72	62	68.7
Remarks	Passed	Passed	Passed	Passed

Leyenda: 4-Lubos na Kasiya-siya, 3-Kasiya-siya, 2- Hindi kasiya-siya, 1 Lubos na hindi kasiya-siya

Ipinapakita ng Talahanayan 3 na ang Baul ng Kasaysayan SIM ay may kabuuang score na 68.7 at itinuturing na "pumasa" ng mga validator, bagama't may ilang aspekto na nangangailangan ng pag-aayos. Sa bahagi ng limbag, nakakuha ito ng mean score na 15.7, kung saan iminungkahi ng Validator 3 ang paggamit ng consistent na espasyo upang maiwasan ang kalituhan ng mga mag-aaral. Ang ilustrasyon ay may mataas na mean score na 22.7, ngunit pinuna ang inconsistency sa mga karakter. Para sa disenyo at layout, nakakuha ito ng mean score na 14.7, kung saan inirekomenda ang pagbabago ng kulay ng organizer sa pahina 11 upang bumagay sa kabuuang disenyo. Samantala, ang papel, binding, sukat, at timbang ng materyal ay nakatanggap ng perpektong marka mula sa lahat ng tagasuri.

Ayon kina Ong at Ancheta (2023), ang mga biswal ay mahalaga sa motibasyon at pag-unawa ng mga mag-aaral, lalo na sa mga paksang hindi nila kinagigiliwan. Dagdag pa ni Daisy (2021), ang SIM ay nakakatulong sa pagpapabuti ng mas mataas na kakayahan sa pag-iisip at nagbibigay ng pangmatagalang kaalaman. Sa kabuuan, ang materyal ay epektibo ngunit may mga bahagi na dapat isaalang-alang para sa higit pang pagpapabuti.

Talahanayan 4 ay nagtatampok sa marka ng mga tagasuri sa antas ng kalidad ng binuong strategic intervention material ayon sa presentasyon and organisasyon.

Talahanayan 4. Antas ng kalidad ng binuong strategic intervention material ayon sa presentasyon and organisasyon

Presentasyon at Organisasyon	V1	V2	V3	Mean
Ang presentasyon ay kapana-panabik, kawili-wili, at madaling maunawaan.	4	4	3	3.7
2. May lohikal at maayos na daloy ng mga ideya.	4	4	3	3.7
3. Ang antas ng bokabularyo ay naaangkop sa posibleng karanasan at antas ng pag-unawa ng target na mambabasa.	4	4	4	4.0
4. Ang haba ng mga pangungusap ay angkop sa antas ng pag-unawa ng target na mambabasa..	4	4	4	4.0
5. Ang mga estruktura ng pangungusap at talata ay iba-iba at kawili-wili sa target na mambabasa..	4	4	3	3.7

Kabuuang Puntos	20	20	17	19.0
Remarks	Passed	Passed	Passed	Passed

Leyenda: 4-Lubos na Kasiya-siya, 3-Kasiya-siya, 2- Hindi kasiya-siya, 1 Lubos na hindi kasiya-siya

Ipinapakita ng Talahanayan 4 na ang Baul ng Kasaysayan SIM ay may kabuuang score na 19.0 para sa presentasyon at organisasyon, na itinuturing na positibo. Nakakuha ito ng mean score na 3.7 para sa presentasyon at daloy ng ideya, na nagpapahiwatig ng maayos ngunit may puwang pa para sa pagpapabuti, partikular sa pagbibigay ng malinaw na panuto ayon sa Validator 3. Ang bokabularyo at haba ng pangungusap ay nakakuha ng mean score na 4.0, na angkop sa antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral. Gayunpaman, ang estruktura ng mga pangungusap at talata ay nangangailangan ng rebisyon upang mas madaling maunawaan ang mga panuto.

Ayon kina Asuncion et al. (2024) at Arevalo et al. (2023), mahalaga ang integrasyon ng lokal na kultura sa mga instructional materials upang mas mapalalim ang pagkatuto. Binanggit din nina Buitre (2023) at Mamais (2018) na ang malinaw, makabuluhan, at user-friendly na materyales ay nakakatulong sa motibasyon at malayang pagkatuto ng mga mag-aaral. Sa kabuuan, positibo ang pagtatasa sa materyal ngunit kailangan ng ilang pagsasaayos para mas maging epektibo ito sa pagtuturo.

Talahanayan 5. Antas ng kalidad ng binuong strategic intervention material ayon sa katumpakan at napapanahong impormasyon

Katumpakan at napapanahong impormasyon	V1	V2	V3	Mean
1. Mga pagkakamali sa konsepto..	4	4	4	4.0
Mga pagkakamali sa katotohanan.	4	4	4	4.0
3. Mga pagkakamali sa gramatika.	4	4	4	4.0
4. Mga pagkakamali sa pagkalkula.	4	4	4	4.0
5. Luma at lipas na impormasyon	4	4	4	4.0
6. Mga pagkakamali sa typograpiya at iba pang maliliit na pagkakamali (halimbawa, hindi angkop o hindi malinaw na mga paglalarawan, nawawalang mga label, maling mga caption, atbp.).	4	4	4	4.0
Kabuuang Puntos	24	24	24	24
Remarks	Passed	Passed	Passed	Passed

Leyenda: 4-Lubos na Kasiya-siya, 3-Kasiya-siya, 2- Hindi kasiya-siya, 1 Lubos na hindi kasiya-siya

Ipinapakita ng Talahanayan 5 na ang Baul ng Kasaysayan SIM ay nakakuha ng mataas na marka (4) mula sa lahat ng validators sa aspetong katumpakan at napapanahong impormasyon, kabilang ang konsepto, katotohanan, gramatika, pagkalkula, at typographical errors. Ang kabuuang puntos na 24 ay nagpapakita ng lubos na kasiya-siyang kalidad, kaya inirerekomenda ang pag-apruba ng materyal para sa paggamit sa pampublikong paaralan, sa kondisyon na maisagawa ang mga rebisyon na nakasaad sa ulat.

Ayon kina Hasibuan (2019) at Lee (2021), mahalaga na ang mga materyales ay praktikal, epektibo, may layunin, tiyak sa mga isyu ng mag-aaral, at flexible upang maiaangkop sa iba't ibang pangangailangan. Dahil dito, kritikal ang papel ng mga guro sa pagbuo at paggamit ng mga interbensiyong ito para sa pagpapabuti ng kasanayan ng mga mag-aaral.

Talahanayan 7. Buod ng antas ng kalidad ng binuong strategic intervention material

Salik	Mean Score	Passing Range	Remarks
1. Nilalaman	26.3	21 to 28 points	Passed
2. Anyo	68.7	54 to 72 points	Passed
3. Presentasyon at Organisasyon	19.0	15 to 20 points	Passed
4. Katumpakan at Napapahong Impormasyon	24.0	24 to 24 points	Passed

Batay sa buod, ang strategic intervention material (SIM) ay pumasa sa lahat ng pagsusuri sa iba't ibang salik: Nilalaman (mean score 26.3), Anyo (68.7), Presentasyon at Organisasyon (19.0), at Katumpakan at Napapanahong Impormasyon (24.0). Ipinapakita nito na ang materyal ay angkop gamitin sa pagtuturo ng panitikan sa Puting Bato National High School at makatutulong sa pagpapabuti ng akademikong pagganap ng mga mag-aaral.

Ayon kay Laylo (2019), ang paggamit ng lokal at kontekstwalisadong materyales ay nagpapalakas ng pagiging malikhaing mga tagabuo ng materyal, nagpapababa ng gastos, at tumutugon sa pangangailangan ng mga mag-aaral. Sinusuportahan ito nina Nuqui (2017) at Sambayon (2023) na nagsasabing ang kontekstwalisasyon ay nagpapadali sa pagkatuto, nagbibigay ng motibasyon, at nagpapataas ng kumpiyansa ng mga estudyante.

Mahalaga ang SIM para punan ang kakulangan sa pagkatuto sa pinakamababang antas, ayon kay Abella (2024), habang binibigyang-diin nina Eviota at Boyles (2022) ang kahalagahan ng pagsusuri sa kalidad ng materyales sa mga aspeto ng nilalaman, pormat, presentasyon, at katumpakan.

4. Batay sa mga natuklasan sa pag-aaral, anong pagpapahusay sa nabuong Baul ng Kasaysayan Strategic Intervention Materials (SIM-BAKAS) sa pagtuturo ng Panitikan ang maaring ipanukala?

Batay sa mga natuklasan, ang Baul ng Kasaysayan Strategic Intervention Material (SIM-BAKAS) para sa pagtuturo ng panitikan ay kailangang pagbutihin ayon sa mga rekomendasyon ng mga tagasuri. Kabilang dito ang pagsasalin ng mga tekstong nasa diyalekto ng Manobo at Mamanwa sa Filipino para sa mas madaling pag-unawa, at ang tuloy-tuloy na paggamit ng wikang Filipino sa buong materyal.

Iminungkahi rin ang pag-maximize ng bakanteng espasyo sa mga pahina at pagiging consistent sa espasyo ng mga talata at pangungusap upang mas maging organisado at propesyonal ang anyo. Kinakailangan din ang pagkakapareho sa mga karakter at pagbabago ng kulay ng isang organizer sa pahina 11 para sa mas kaakit-akit at cohesive na disenyo.

Sa aspeto ng presentasyon at organisasyon, kailangan ng malinaw at madaling sundang mga direksyon sa mga pagsasanay upang maiwasan ang kalituhan at mapahusay ang pagkatuto. Positibo rin ang puna na maaaring gamitin ang SIM-BAKAS hindi lamang sa Grade 9 kundi pati sa elementarya at senior high school, na may pag-aakma ng gawain ayon sa kakayahan ng mga mag-aaral.

Sa kabuuan, ang mga mungkahi ay makakatulong sa pagpapabuti ng akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Bilang tugon, binago ng mananaliksik ang nilalaman, anyo, at organisasyon ng SIM at ihahain ito sa punong-guro para sa isang Learning Action Cell (LAC) session upang mas mapalalim ang paggamit nito sa pagtuturo. Narito ang link sa pinahusay na SIM-BAKAS:

https://docs.google.com/document/d/13wmXgIPkTsOc2KIAOLxPk4ysquycUy2_/edit?usp=drive_link&ouid=112435369368360929522&rtpof=true&sd=true

4. KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

4.1 Konklusyon

Batay sa kabuuang resulta, natukoy na ang pinakamababang antas ng kasanayan sa panitikan para sa Filipino 9 ng mga mag-aaral sa Putting Bato National High School ay may MPS na 31.0 mula sa ikatlong markahang pagsusulit. Bilang tugon dito, gumawa ng interbensiyong materyal na tinatawag na Baul ng Kasaysayan Strategic Intervention Material (SIM-BAKAS) bilang kagamitan sa pagtuturo ng panitikan sa mga katutubong mag-aaral.

Upang matugunan ang pangangailangan ng mga mag-aaral, binuo ang Baul ng Kasaysayan Strategic Intervention Material (SIM-BAKAS). Ang materyal na ito ay kinabibilangan ng takip ng SIM, patnubay na kard, kard ng pagsubok, kard ng pagtataya, kard ng pagpapayaman, kard ng sanggunian, at kard ng kasagutan. Ito ay nasa nakalimbag na anyo, na ginamitan ng Microsoft Publisher at sariling likhang mga ilustrasyon upang maging kaakit-akit at kasiya-siya sa paningin ng mga mag-aaral. Layunin nitong makatulong sa pagpapabuti ng kanilang pagganap at matutunan ang kanilang kasaysayan at kultura.

Ayon sa pagsusuri ng mga eksperto sa Filipino at dalubhasa sa SIM gamit ang LRMS, ang Baul Kasaysayan SIM ay nakatugon sa lahat ng kinakailangang pamantayan. Ipinapakita ng resulta na ang kagamitang ito ay balido at maaring gamitin sa pampublikong paaralan, partikular sa pagtuturo at pagkatuto sa Filipino 9, lalo na sa panitikan. Bagama't matagumpay na natugunan ng Baul Kasaysayan SIM ang pinakamababang kasanayan sa panitikan para sa Filipino 9, may ilang rekomendasyon para sa karagdagang pagpapabuti.

Sa kabuuan, ang SIM ay isang epektibong kasangkapan na makakatulong sa pagpapataas ng akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa Filipino, partikular sa larangan ng panitikan. Ang Baul Kasaysayan SIM ay nagbibigay ng tiyak na suporta sa mga mag-aaral na nangangailangan ng karagdagang tulong upang mapahusay ang kanilang kaalaman. Bukod dito makakatulong din ito sa mga kaguruan upang gumawa ng mga makabuluhang kagamitang pampagtuturo para layuning mapabuti ang bawat mag-aaral.

4.2 Rekomendasyon

Isinasalang-alang ang mga natuklasan at konklusyon na ipinakita sa itaas ang mga sumusunod na rekomendasyon.

Kagawaran ng Edukasyon. Tumulong sa paglalaan ng karagdagang pondo para sa mga materyal na pang-edukasyon tulad ng SIM-BAKAS at magbigay ng pagsasanay sa mga guro para sa mas epektibong paggamit nito. Pahusayin ang mga patakaran upang isama ang mga estratehikong materyal na makakatulong sa pagpapabuti ng pagganap ng mga mag-aaral.

Punong-guro. Mag-organisa ng mga pagsasanay para sa mga guro upang matutunan nila ang wastong pagdesinyo ng mga kagamitang pampagtuturo at paggamit ng mga materyal. Siguraduhing maayos ang pag-implementa ng SIM sa pamamagitan ng pag-monitor at pagbibigay ng suporta sa mga guro. Regular na suriin ang epekto ng mga materyales sa pagganap ng mga mag-aaral at i-adjust ang estratehiya kung kinakailangan.

Guro sa Filipino. Lumahok sa mga palihan sa pagsasagawa ng mga kagamitang pampagtuturo na maaring magagamit sa talakayan. Maglaan ng oras para sa remedial na klase o karagdagang tulong sa mga mag-aaral na nahirapan sa mga paksa. Regular na pagtataya ang epekto nito sa pagganap ng mga mag-aaral at magbigay ng feedback sa pamunuan ng paaralan.

Mag-aaral. Aktibong gamitin ang SIM upang mapabuti ang iyong pag-unawa at kasanayan sa mga aralin gaya ng panitikan. Makipag-ugnayan sa mga guro para sa karagdagang tulong at feedback. I-monitor ang pag-unlad sa pamamagitan ng personal na pagsubok at pag-assess upang matukoy ang mga lugar na nangangailangan ng pagpapabuti.

Mananaliksik. Patuloy na magsagawa ng mga pananaliksik upang suriin ang bisa ng SIM-BAKAS at imungkahi ang mga pagbabago batay sa mga resulta. Magbigay ng detalyado at konkreong rekomendasyon para sa mga bagong materyal at estratehiya upang mapabuti ang kalidad ng edukasyon.

5.PASASALAMAT

Buong puso akong nagpapasalamat sa lahat ng mga taong naging bahagi ng aking tagumpay at sa institusyon na humulma sa akin upang maging ganap ang pagtatapos ng pagsusuri at pagsusulat ng aking tesis.

Una sa lahat, nagpapasalamat ako sa Diyos sa pagbibigay ng lakas, karunungan, at pagtitiyaga upang magtagumpay ang aking paglalakbay.

Sa Graduate Studies ng SJIT, nagpapasalamat ako sa isang de-kalidad na edukasyon na nagbigay daan para sa aking personal at propesyunal na pag-unlad.

Kay Dr. Levita Grana, taos-puso akong nagpapasalamat sa inyong pamumuno at sa pagbibigay ng isang kapaligirang nagtataguyod ng pag-unlad at kahusayan sa akademya. Isa ka sa naging ehemplo ng aking paniniwala na ang gawaing pananaliksik ay napakahalaga sa lipunan.

Sa aking tagapayo sa tesis, Dr. Annabelle Dorado, ang inyong paggabay, pasensya, at mahahalagang puna ay labis kong pinahahalagahan. Ang inyong suporta at dedikasyon ay naging pangunahing salik sa aking gawain, at lubos akong nagpapasalamat.

Isang espesyal na pasasalamat kay Bb. Anna Lei Revilla, sa iyong dedikasyon at sa pagbibigay sa akin ng mga kasanayang pangwika na kinakailangan upang maipahayag nang maayos ang aking mga ideya. Kay Gng. Margeline C. Cabonce, maraming salamat po sa inyong mahahalagang input na nagpayaman ng aking tesis. Ang inyong impluwensiya sa larangan ng Filipino ay hindi matatawaran. Maraming salamat po sa inyo, Ma'am!

Sa NCIP Agusan del Norte, maraming salamat po sa pagbigay ng pahintulot na maisagawa ko ang aking pananaliksik. Brgy Puting Bato Council at sa Lumad ng Puting Bato, ikinagagalak kong mabigyan ng pagkakataon na mas makilala ang inyong napakayamang kultura. Marami pong salamat.

Ipinapaabot ko rin ang aking taos-pusong pasasalamat sa aking kabiya sa si Jeonard Berou, salamat sa pagmamahal, suporta at paalala na kaya kong tapusin ang tesis na ito. Sa aking magulang na sina Romulo A. Serino at Betty S. Serino, kayo ang inspirasyon ko na magpatuloy sa buhay. Maraming salamat Ma, Pa.

Lubos kong pinasalamatan ang PBNHS Faculty, lalo na ang aming punong-guro, si G. Edwin G. Capon, para sa inyong mga suhestiyon sa aking SIM na naging mahalaga sa pagpapabuti ng aking gawain.

Sa Library People, kay Jovynell C. Torres, maraming salamat sa pagsama sa akin sa pangangalap ng datos. Kay Aimee Marie P. Abas sa kanyang husay at suhestiyon upang mapaganda ang aking binuo na SIM.

Sa huli, nagpapasalamat ako sa aking mga kaibigan at pamilya. Ang tesis na ito ay iniaalay ko inyo. Ang tagumpay na ito ay para rin sa inyo. Salamat po!

6.SANGGUNIAN

Abad, E. M. (2022). Development and Evaluation of Contextualized reference material in Social Studies. *American Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR)*. Retrieved from https://www.ajhssr.com/wp-content/uploads/2022/03/Y_214-226.

Abella, P. L., Esparagoza, M. T., & Robino Jr, A. (2024). STRATEGIC INTERVENTION MATERIAL IN ENTREPRENEURSHIP 10. *Ignatian International Journal for Multidisciplinary Research*, 2(3), 1006-1014.

Acedillo, R., Lagahit, J. A., Macusang, A. J., & Bacatan, J. (2019). Students and Teacher's Perception on the Effectiveness of Using Strategic Intervention Material in Science.

Acuña, L., Gutierrez, M. R. M., & Areta, G. C. (2015). Content Area Reading-Based Strategic Intervention Materials (CARB-SIMs) in Science VI. *The Normal Lights*, 9(2).

Adlit, M. F. (2022). Harmonizing Materials and Practices of Senior High School Teachers: A Conceptual Paradigm for Contextualization across K12 Curriculum. *Puissant*, 3, 488-502.

Adonis, A. B. (2020). Contextualized Strategic Intervention Materials in Grade 9 Mathematics. *PEOPLE: International Journal of Social Sciences*, 5(3), 850-868.

- Agbunag, M. R. (2022). Contextualized and Localized Supplementary E-Learning Materials in Science 8 Physics. *International Journal of Multidisciplinary: Applied Business and Education Research*, 3(11), 2378-2396.
- Aguinaldo, C. M., & Domingo, A. C. (2021). Design, Development, and Implementation of Contextualized Learning Materials in Grade 7 Mathematics. *Academia Letters*, Article 1468. <https://doi.org/10.20935/AL1468>.
- Alboroto, V. M. (2017, May). Beating the numbers through strategic intervention materials (SIMs): Innovative science teaching for large classes. In *AIP Conference Proceedings* (Vol. 1848, No. 1). AIP Publishing.
- Alejo, A. E. (2018). Strategic identity: Bridging self-determination and solidarity among the indigenous peoples of Mindanao, the Philippines. *Thesis Eleven*, 145(1), 38-57.
- Alismail, H. A. (2016). Multicultural Education: Teachers' Perceptions and Preparation. *Journal of Education and Practice*, 7(11), 139-146.
- Alunan, M. (2015). *Sa atong dila: Introduction to Visayan literature*. Quezon City: University of the Philippines Press.
- Angeles, J. A. P. R., Manaig, K. A., S. B., Yazon, A. D., & Tesoro, J. F. B. (2022). Effectiveness of Localized Reading Activity Sheets in Enhancing the Reading Skills of Grade 1 Learners A Quasi-Experimental Research Design. *International Journal of Theory and Application in Elementary and Secondary School Education*, 4(2), 125-136.
- Angelino, M. L., & Matronillo, M. M. (2020). The Utilization of Indigenous Communication Arts Instructional Materials in Teaching Language. *Journal of Technology and Humanities*, 1(1), 18-25.
- Ancheta, R. M. L., Rabago, J. K. M., & Paguyo, C. G. (2022). MELCs-Based Strategic Intervention Materials (SIMS) for Araling Panlipunan 5. *South Asian Journal of Social Studies and Economics*, 16(3), 20-33.
- Aranda, Y. A., Diaz, R. A., Sombilon, M., & Gicana, C. F. (2019). Integrating strategic intervention materials (SIM) in science to low achieving learners. *Journal of Science Teachers and Educators*, II (1), 1-9.
- Aranes, Fidela Q, Espinosa, Allen A., Salviejo, Edwin I (2017) Strategic Intervention Material - Based on Learning Approach and Students Performance in Chemistry p. 119
- Arevalo, C. M. E., Janer, S. S., & Ricafort, J. D. (2023) Development of Contextualized Strategic Intervention Materials for Grade-8 Physics.
- Arioso, R. (2020). Factors of learning in Filipino and students' performance of Secondary Education in Eastern Visayas Philippines. *PalArch Journal of Archeology of Egypt/Egyptology*. <https://archives.palarch.nl/index.php/jae/article/download/2243/2210/4397>.
- ARMAS, J. A. (2023). Dokumentaryong Pagsusuri ng mga Maikling Kuwento ng Isang Bayan ng Camarines Sur.
- Arpilleda, A. J. (2021). Strategic intervention material: A tool in enhancing grade nine students' mathematical performance. *International Journal of Research Studies in Education*, 10(5), 61-72.
- ASPILLAGA, E. (2021). Paghahanda at Balidasyon ng Strategic Intervention Material (SIM) Para sa Paglinang ng Kasanayan sa Mapanuring Pagbasa (Development and Validation of Strategic Intervention Material (SIM) to Develop Critical Reading Skills). *The ASTR Research Journal*, 5(1), 1-1.
- Asuncion, R. E. L., & Breganza, K. D. (2024). CULTURE-BASED INSTRUCTIONAL MATERIALS IN ARLING PANLIPUNAN-8 IN THE DISTRICTS OF ATIMONAN, SCHOOLS DIVISION OF QUEZON: BASIS FOR STRENGTHENING THE LOCALIZATION AND INDIGENIZATION OF INSTRUCTIONAL MATERIALS. *Ignatian International Journal for Multidisciplinary Research*, 2(4), 35-53.
- Atondo, H. B. (2022). Contextualized instructional materials in teaching reading and writing skills. *International Journal of Research*, 11(8), 17-34.
- Bacatan, J., Acedillo, R., Lagahit, J. A., & Macusang, A. J. (2022). Students and Teacher's Perception on the Effectiveness of Using Strategic Intervention Material in Science. *International Journal of Research and Innovation in Social Science (IJRISS)*, 6(3), 60-68.
- Balazo, G. F. O. (2021). Struggling Learners' Achievement Level Using Electronic Strategic Intervention Material in Mathematics (ESIMATH). *American Journal of Agricultural Science, Engineering, and Technology*, 5(2), 207-214.
- Balcoba, J. D. (2019). The Use of Supplementary Materials to Enhance the Students Performance in Grade 7 Biology. A Master's Thesis. Marikina Polytechnic College. Marikina City.
- Ballesteros, J.O. (2016). Localization and Contextualization of Science Activities in Enhancing Learners' Performance. Capas Integrated School, Agoo, La Union, Philippines
- Baltes, C. (2022). Affordable course materials (ACM) initiative seeks to reduce educational costs for students. (n.d.). *Uci.edu*. <https://news.lib.uci.edu/libraries-news/affordable-course-materials-acm-initiative-seeks-reduce-educational-costs-students>
- Barrameda, M. (2024). Computer-Aided Strategic Intervention Material (CA-SIM) in Chemistry 7. *International Journal of Business, Law, and Education*, 5(1), 133-147.

- Bello, J., Concon, L., Polache, M. C. C., Ayaton, M. J., Manlicayan, R., Campomanes, J., & Saro, J. (2023). Contextualized and localized science teaching and learning materials and its characteristics to improve Students' learning performance. *Psychology and Education: A Multidisciplinary Journal*, 7(1), 77-84.
- Benedito, P. A., Rabago, J. K. M., Paguyo, C. G., Fernando, S. R. I., & Lasaten, R. C. S. (2023). Contextualized learning resource material (C-LRM) for the Tingguians of Abra: Its indigenous knowledge, systems, and practices. *Asian Journal of Education and Social Studies*, 43(3), 12-46.
